



ANNOUNCEMENT

PARA SA MGA NAIS NA SUMALI SA NEGOTIATED SALE NARITO ANG MGA DAPAT GAWIN BASE SA BAGONG PROSESO:

1. Ang dropping area ay sa mga sumusunod na PAG-IBIG Fund Branches lamang;
 - NCR - # 409 JELP Business Solution Center, Shaw Boulevard, Addition Hills, Mandaluyong City
 - Cavite – Pag-IBIG Fund Dasmarinas Branch -Volets Commercial Building, E. Aguinaldo Hi-Way, Dasmarinas City.
2. Sagutan ng kumpleto ang **Registration form at ang Offer to Purchase forms** na makikita sa aming website sa <https://www.pagibigfund.gov.ph/acquiredassets.html> (Properties Under Negotiated Sale - NCR Branch), e-click ang **“click here to open complete details”** para sa mga nasabing forms. Dapat na basahin ang *Invitation to Submit Offer to Purchase* na nakapaskil sa nasabing website para sa mga panuntunan sa pagbili ng mga binebentang pag-aari sa ilalim ng *Negotiated Sale*.
3. Ihulog ang inyong nasagutang **REGISTRATION FORM at OFFER TO PURCHASE FORMS** sa **magka hiwalay na drop box**. Pumila sa **1ST DROP BOX** para sa pag hulog ng inyong **REGISTRATION FORM** at pagkatapos ay sa **2ND DROP BOX** para sa pag-hulog ng inyong **OFFER/S** sa nabanggit na *dropping area*.
4. **Walang forms na ipamimigay sa loob ng dropping area** dahil ang mga forms na inyong kakailanganin ay *available* sa aming website na maaari ninyong *i-print* at sagutan. Dapat ay handa at nasagutan na ang mga nabanggit na forms bago pumunta sa *dropping area*.
5. Tanging *Offeror* o *Attorney in Fact* (ipakita ang *valid SPA*) lamang ang papapasukin sa ating *dropping area* dala ang inyong **SELYADONG OFFER TO PURCHASE FORMS** (naka-lagay sa puting sobre o *mail envelope*). Mahigpit din na ipagbabawal ang pananatili ng matagal sa loob ng nasabing *area* matapos magsumite ng inyong mga *offer/s*. Ito ay bilang pag sunod sa panuntunan na ipinatutupad ng ating *IATF* dahil sa kasalukuyang nararanasan na pandemya sa ating bansa.

Lahat ay hinihikayat na sumunod sa ating *IATF health protocols* upang maiwasan ang pagkakaroon ng Covid-19 *virus* at ang pag laganap nito.

Maraming salamat po!